# Nagpapalipat-lipat (Mobile) na Pangkat na Tumutugon sa Krisis (Mobile Crisis Response Team, MCRT)

*Makakuha ng Tulong para sa Mga Krisis sa Alak, Droga, o Kalusugan ng Isip*

LIVE WELL SAN DIEGO

Ang programang Nagpapalipat-lipat na Pangkat na Tumutugon sa Krisis (MCRT) ay nagbibigay ng 24/7 na mobile na suporta sa mga taong nakakaranas ng krisis sa kalusugan ng isip o may kaugnayan sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak nasaan man sila, kailanman nila ito kailangan.




*Mga Provider ng Nagpapalipat-lipat (Mobile) na Pangkat na Tumutugon sa Krisis sa County*

Available sa buong county at sa lahat ng edad ng tao, ang MCRT ay alternatibo sa pagtugon ng nagpapatupad ng batas na may mga pangkat na binubuo ng mga eksperto sa kalusugan ng pag-uugali na sinanay para tumugon sa komunidad at bawasan ang tindi ng mga krisis na may kaugnayan sa alak, droga, o mga kondisyon sa kalusugan ng isip.

## Paano makakatulong ang MCRT?

Makakatugon ang MCRT sa mga tawag tungkol sa krisis sa kalusugan ng pag-uugali na hindi kinabibilangan ng mga pangmedikal na emergency, armas o mga alam na banta ng karahasan. Makakatulong ang MCRT na:

- Mapatatag ang krisis sa pamamagitan ng interbensyon at pagbawas sa tindi
- Magbigay ng transportasyon sa iba pang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali gaya ng kinakailangan
- Kumonekta sa mga mapagkukunan sa komunidad at paggamot
- I-coordinate ang mga serbisyo para sa inisyal na paggamot para sa hanggang 30 araw

***I-scan para sa Higit Pang Impormasyon sa MCRT***

## Paano ko maa-access ang MCRT?

Dine-deploy ang MCRT sa pamamagitan ng mga tawag na ginagawa sa **San Diego Access and Crisis Line (ACL) (888-724-7240)** o mga serbisyong pang-emergency. Susuriin ng mga sinanay na dispatcher ang sitwasyon para sa panganib at kaligtasan sa pamamagitan ng mga serye ng tanong at tutukuyin kung dapat magpadala ng MCRT o ibang interbensyon ng krisis o serbisyo sa pagtugon.

Kung magde-deploy ng MCRT, may darating na pangkat sa hiniling na lokasyon sakay ng sasakyan na may markang “MCRT”.
Kakausapin ka ng isang pangkat na kinabibilangan ng lisensyadong clinician sa kalusugan ng isip, case manager at peer support specialist at tutukuyin kung paano ka matutulungan at maiuugnay nang pinakamabuti sa mga tamang mapagkukunan.

**Natatanggap ng ACL o mga serbisyong pang-emergency ang tawag ng komunidad** → **Triage ng isang ACL o dispatcher para sa mga serbisyong pang-emergency** → **Nagdi-dispatch ng angkop na pangkat sa pagtugon**

**Kung hindi ka sigurado kung ano ang gagawin o kung ano ang kailangan mo, tawagan ang ACL para kausapin ang isang may karanasang tagapayo.**
Para sa higit pang impormasyon sa MCRT kasama ang **Mga Madalas Itanong**, bisitahin ang **www.sandiegocounty.gov/mcrt**.

*11/8/24*

## Kumonekta sa Mga Mapagkukunan

**Tumawag sa 888-724-7240** para kumonekta sa **San Diego Access and Crisis Line** nang libre at kumpidensyal na suporta at tulong sa pag-navigate sa mga serbisyo, na available 24/7 sa mahigit 200 wika.

**Tumawag sa 988** para kumonekta sa pambansang network ng mga call center para sa krisis ng **Suicide & Crisis Lifeline**.